

APPLICATION

- Naniniwala ka ba sa kapangyarihan ng ebanghelyo na baguhin ang puso mo at bigyan ka ng kakayahan na mamuhay ng may pagkakaisa kasama ang iba? Gusto mo bang tanggapin ang katotohanan ng ebanghelyo ngayon, at magtiwala kay Cristo para sa kaligtasan mo?
- May mga bahagi ba ng buhay mo na nahihirapan kang piliin ang pagpapakumbaba, pagmamahal, at pagpapatawad? Paano ka lalago sa pagkaka-unawa mo ng pagmamahal ni Cristo ngayong linggo?
- Sino sa pamilya at mga kaibigan mo ang kailangang marinig ang ebanghelyo? Paano mo maipakikita ang pagmamahal ng Diyos sa kanila ngayong linggo?

PRAYER

- Pasalamatang ang Diyos sa ebanghelyo na nakakapagpabago ng mga puso at buhay. Pasalamatang ang Diyos sa komunidad ng iglesia na kinabibilangan mo.
- Hingin sa Diyos ang kakayahan na piliin ang pagpapakumbaba, pagmamahal, at pagpapatawad. Hingin sa Kanya ang kakayahan na piliin at pangalagaan ang pagkakaisa sa iyong mga relasyon.
- Ipanalangin na ikaw ay maging instrumento ng pagkakaisa sa inyong iglesia. Ipanalangin na maipakita mo ang pagmamahal at kabutihan sa iyong pamilya at mga kaibigan.



VICTORY

© 2017 by VICTORY®

Reserbado ang lahat ng karapatang pag-aari.

Lahat ng sipi ay mula sa ANG SALITA NG DIOS®

Karapatang Pag-aari © 2010 ng Biblica® Ginamit na may pahintulot

mula sa Biblica Publishing & Distribution Foundation, Inc.® Reserbado ang lahat ng pag-aari.

victory.org.ph

FORWARD

Pagkaka-isa sa mga Ugnayan

NOTES

.....

.....

.....

.....

.....

.....

.....

.....

.....

.....

.....

.....

.....

.....

.....

.....

.....

.....

.....

.....

WARM-UP

- Ano ang kabutihan na nagawa o nakita mo kamakailan lamang?
- Magkuwento tungkol sa isa sa mga pinakamatagal mo nang kaibigan? Paano mo nabuo ang relasyong ito paglipas ng mga taon?
- Ibahagi ang isang panahon na pinatawad mo ang isang taong malapit sa iyo. Ano ang nangyari? Ano ang naramdaman mo?

WORD

⁸Ngayon, narito ang ilan ko pang bilin sa inyong lahat: Dapat magkaisa kayo sa isip at damdamin, at magdamayan. Magmahalan kayo bilang magkakapatid. Maging maunawain at mapagpakumbaba kayo sa isa't isa. ⁹Huwag ninyong gantihan ng masama ang gumagawa sa inyo ng masama, at huwag din ninyong gantihan ng pang-iinsulto ang mga nang-iinsulto sa inyo. Ang dapat ninyong gawin ay manalangin na kaawaan sila ng Diyos, dahil pinili kayo ng Diyos na gawin ito, at para kaawaan din niya kayo. **1 PEDRO 3:8,9**

Hinimok ni Pedro ang buong Kristiyanong komunidad na mamuhay nang may pagkaka-isa, pagmamahalan, pag-unawa, at pagpapakumbaba upang magsilbing pagpapala sa isa't-isa. Ito ang pagkaka-isa sa mga ugnayan. Ang ganitong kalagayan at kaugalian ay magiging totoo lamang kung ang ating mga buhay ay nabago ng ebanghelyo. Ang asal na tulad ng kay Cristo ay mangyayari lamang dahil sa pagbabago sa ating mga puso. Sa araling ito, ating titignan ang tatlong mga bagay na dapat nating piliin upang mapangalagaan ang pagkakaisa at maipakita ang kapangyarihan ng ebanghelyo na nagdadala ng pagbabago.

1 Piliin ang pagpapakumbaba laban sa pagmamataas.

... At kayong lahat na mga mananampalataya, magpakumbaba kayo at maglingkod sa isa't isa, dahil sinasabi sa Kasulatan, "Kinamumuhian ng Diyos ang mga mapagmataas, ngunit kinakaawaan niya ang mga mapagpakumbaba." **1 PEDRO 5:5**

Ang panawagan ni Pedro sa mga Kristiyano ay ang pagkakaroon ng mapagkumbabang kaisipan at balutin ang ating mga sarili sa pagpapakumbaba sa isa't isa. Ang pagmamataas ay likas sa atin bilang mga tao at mga makasalanan, subalit dahil sa kapangyarihan ni Cristo sa ating buhay, maaari nating piliin ang pagpapakumbaba at hindi ang pagmamataas. Ano ang pagpapakumbaba? Ano ang ibig sabihin ng pagpili sa pagpapakumbaba sa ating mga relasyon?

2 Piliin ang pagmamahal laban sa pagkamakasarili.

Ngayon, narito ang ilan ko pang bilin sa inyong lahat: Dapat magkaisa kayo sa isip at damdamin, at magdamayan. Magmahalan kayo bilang magkakapatid. Maging maunawain at mapagpakumbaba kayo sa isa't isa. **1 PEDRO 3:8**

Katulad ng pagmamataas, mas madali at mas likas para sa atin ang unahin ang ating mga sarili kaysa ang iba. Subalit ibinigay ni Cristo ang Kanyang buhay para sa atin, nang walang pagkamakasarili at bunga ng Kanyang pagmamahal. Dahil dito, maaari nating ituring ang isa't-isa ng may pagmamahal at walang pagkamakasarili. Paano natin maipakikita ang pagmamahalan bilang magkakapatid sa ating komunidad ng iglesya?

3 Piliin ang pagpapatawad laban sa paghihiganti.

Huwag ninyong gantihan ng masama ang gumagawa sa inyo ng masama, at huwag din ninyong gantihan ng pang-iinsulto ang mga nang-iinsulto sa inyo. Ang dapat ninyong gawin ay manalangin na kaawaan sila ng Diyos, dahil pinili kayo ng Diyos na gawin ito, at para kaawaan din niya kayo. **1 PEDRO 3:9**

(Basahin din ang **MATEO 18:21,22.**)

Ang isa pang likas sa atin ay ang pagpiling maghihiganti o magtanim ng sama ng loob. Sa Mateo 18, tinanong ni Pedro kung dapat siyang magpatawad ng pitong beses. Sa kanilang kultura, tatlong beses ang hangganan ng kagandahang loob. Kung pitong beses naman, labis na itong pagpapakita ng kabutihan. Ngunit sinabi ni Jesus na dapat siyang magpatawad ng hanggang pitumpu't pitong beses, na nangangahulugang magpatawad hangga't kailangan. Sa 1 Pedro, tinawag tayo na maging pagpapapala sa isa't-isa anuman ang pagtrato nila sa atin. Ibahagi ang isang pagkakataon kung kailan pinili mong magpatawad kaysa maghihiganti, na nagbunga ng pagiging malapit mo sa isang kabahagi ng komunidad ng iglesya.